# Pagharap sa Malahiganteng Pag-aalinlangan

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
October 10, 2020

Ang pag-aalinlangan ay paghahanap ng katotohanan tungkol sa isang bagay. Kung tayo ay nag-aalinlangan, nagtatanong tayo tungkol sa mga pangako ng Diyos sa ating buhay. Dahil dito, habang nakaharap tayo sa labanan ng pag-aalinlangan sa ating buhay, hayaan nating mangusap ang salita ng Diyos sa ating puso at hayaang bigyan tayo ng kaginhawaan para lumakas tayo sa pagharap sa mga pagsubok.

**Limang bagay na dapat alalahanin habang nakikipaglaban sa malahiganteng pag-aalinlangan:**

**1.Hindi laging tinutugon ng Diyos ang ating mga kagustuhan, ngunit matutupad ang Kanyang salita.**

1.1 Kung mayroon tayong inaasam-asam na hindi natupad, agad tayong nag-aalinlangan. Kailangan nating sumunod sa salita ng Diyos. Maaaring iba ang nakikita natin sa gustong sabihin ng Diyos sa atin.

1.2 Maski makapangyarihang lingkod ng Diyos si Elias, nag-alinlangan din siya at natakot. Iniwan niya ang kanyang mga lingkod at nagtago sa ilang na lugar dahil sa takot kay Reyna Jezebel (1Hari 19:3-4). Kaya't, kailangan natin ang suporta ng mga taong maka-Diyos kung nagsisimula na tayong mag-alinlangan at makaramdam ng kawalan ng pag-asa.

**2. Ang bilanggong pananaw ay laging nagdudulot ng pag-aalinlangan sa Diyos.**

2.1 Nakita ni Juan Bautista na bumaba ang Espiritu Santo noong bininyagan niya si Jesus. Ngunit, habang nasa bilangguan siya, nagsimula siyang mag-alinlangan kung si Jesus nga ang tunay na Mesias (Matt. 11: 2-3). Makikita natin ang mga tanikalang nakabalot sa atin kung tayo ay may bilanggong pananaw, ngunit gusto ng Diyos na maramdaman natin ang Kanyang pagmamahal.

**3. Mas mahalaga sa Diyos ang ating pananalig kaysa sa pag-aalinlangan.**

3.1 Kung nagkulang ang ating pananalig, nagkakaroon tayo ng alinlangan. Ngunit may magandang balita, hindi tayo iiwanan ng Diyos.

3.2 Sa Marcos 9:23-25, dinala ng ama ang anak na lalaki kay Jesus; tinanong niya si Jesus kung matutulungan siya at sinabing,"Nanalig po ako! Tulungan ninyo ako bagama't ako'y nagkulang" Mahirap maniwala kung tayo'y nakararanas ng pagsubok. Bagamat, nag-aalinlangan siya, pinagaling pa rin ni Jesus ang anak.

**4. Maski nag-alinlangan tayo, magpapakita pa rin ang Diyos.**

4.1 Kung nawawalan tayo ng pananalig, magpapakita pa rin ang Diyos. Hindi sinabi ng Diyos na hindi tayo makararanas ng pagsubok, ngunit ipinangako Niyang sasamahan Niya tayo sa bawat hakbang natin.

4.2 Noong natakot ang mga alagad at nagkulong sa isang silid, nagpakita si Jesus sa kanila (Jn.20:19). Alalahanin natin na kung tayo'y lalabas, papasok si Jesus.

4.3 Noong nag-alinlangan si Tomas, nagpakita pa rin si Jesus sa kanya (Jn. 20:19). Alam ng Diyos gaano kalaki ang ating mga higante, at patuloy Niya tayong hinihikayat na tumingala sa Kanya.

**5.Hindi natin palaging naiintindihan ang lahat.**

5.1 Kung lahat naiintindihan natin, hindi na natin kailangan ang Diyos. Sa kabila na di natin naintindihan ang lahat, ang salita ng Diyos ay laging tapat.

Kung tayo'y nag-aalinlangan, alalahanin ang sinabi ng Diyos sa Isaias 55:11"ganyan din ang aking mga salita, magaganap nito ang lahat kong nasa."

**Pagninilay:** Ano-ano ang mga pagsubok mo sa buhay ngayon na nagdudulot ng pag-aalinlangan? Paano mo mapagtatagumpayan ang mga ito?

**Isinalin ni:**Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials